Presented at the 11th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 6 and 8, 2018

# Gawi at Rito ng Pagbabalik-loob tungo sa Malikhaing Pagtatangka ng Pangangalaga sa Kapaligiran: Pastoral na Pagninilay, at Hamon ng Prinsipyong Sapat, at ng Laudato Si

Dorothy P. Javier-Martinez, Ed.D. [1],* at Sr. Ma. Elizabeth C. Butay, MCST, Ph.D. [2],
*[1, 2]Theology and Religious Education Department*
*De La Salle University*
**dorothy.martinez@dlsu.edu.ph*

**Abstract:** Ang usapin sa mga gawain sa pangangalaga ng kapaligiran na maituturing na pangmatagalan o *sustainable* ay isang usaping panlipunan. Ngunit, hindi ba ang anumang temang panlipunan ay maituturing na kabahagi ang pang-espirituwal na aspekto? Ang tao na isang nilalang ay binubuo ng katawan at espiritu. Kabilang sa kanyang mapayapang pamumuhay ang pagkikipag-ugnayan sa kanyang sarili, kapwa, Maykapal, at kapaligiran.

Sa larangan ng liturhiya o sakramento ng Simbahang Katoliko-Kristiyano, ang sakramento ng pagbabalik-loob ay tumutugon sa pagnanais ng isang taong mananampalataya na magpanibago ng sarili, at buuin muli ang nasirang ugnayan sa Maykapal at sa kanyang kapwa. Gayunpaman, tila hindi itinuturing ng malaking kakulangan at pagkakamaling personal ang hindi pangalagaan sa kapaligiran, o dili kaya ay pagwawalang bahala sa tungkuling ito.

Nilalayon ng pag-aaral na ito na masusing balik-tanawan ang mga maling pagturing sa kapaligiran bilang isang gawi na nangangailangan ng pagbabalik loob na mapaninindigan. Paano nga ba hinihimok ng Simbahang Katoliko-Kristiyano sa personal na antas ang kaniyang mga mananampalataya na maging mapanagutang mamamayan na handang makiisa sa mga gawaing pangkapaligiran? Ano-ano ang pagtatangkang adbokasiya ng pangkat ng mananampalatayang-aktibista sa pangunguna nina Mary Antonette Beroya at Max de Mesa upang bigyang tugon ang pagbabalik-loob na pangkalikasan? Gamit ang sangkap na napapaloob sa sakramento ng pagbabalik-loob ng Simbahang Katoliko-Kristiyano, ang Prinsipyong Sapat ni Beroya at de Mesa, at ang ilang aral sa Laudato Si ni Papa Francisco, sinuri ang gawi ng ilang kabataang nasa unang antas ng kolehiyo sa Pamantasang Katoliko-Kristiyano kung paano nila malikhaing naisasabuhay ang paninindigang pangkalikasan.

Isang pagsasakultura o kontekstuwalisasyon ang pag-aaral na ito na nagsasaalang-alang ng kahalagaan at paggamit ng kultura upang isabuhay ang pananampalataya. Ito ay pag-aaral na deskriptibo, at kwaliteytib na gumagamit ng *triangulation method*: pagsusuri ng mga literatura at pag-aaral, pagsasarbey at pakikipanayam –

grupong talakayan. Ginamit ang metodo ng pagtatalaban o "*two poles in doing theology*" ni Ka Jose de Mesa upang suriin ang datos na nakalap.

Natuklasan ng pag-aaral na ito na sa pagdaan ng panahon, unti-unting lumalalim at nagiging bukas ang kamalayan ng mga mananampalatayang Pilipino sa tungkuling pangalagaan nang pangmatagalan ang kapaligiran. Maraming inisiyatibong pastoral mula sa hirarkiko ng Simbahang Katoliko Kristiyano, gayundin sa laykong mananampalataya. Malaking salik sa pagsasabuhay ng mga kabataan sa mga adbokasiya o simulaing pangkalikasan na inilalahad sa kanila ang matapat na pagsaksi ng mga taong kanilang iginagalang sa tahanan, paaralan at pamayanan.

Nananatiling hamon na kinakailangan ng masusing pagninilay at pagtugon ang tawag na pangalagaan ang kapaligiran. Isang paninindigan ito na nangangailangan ng tapat na pagbababalik ng kalooban sa sangnilikha, at pagmamalasakit na hindi naghihintay ng anumang ganti.

**Key Words:** Gawi ng pagbabalik-loob; "Prinsipyong Sapat"; tindig ng Simbahang Katoliko Kristiyano sa pangangalaga ng kapaligiran; Laudato Si; tugon ng kabataan

## 1. PANIMULA

Kapwa usaping pangkatawan at pangkaluluwa ang mga gawain ng pangangalaga sa kalikasan. Sapagkat isang katangian ng matiwasay at ganap na pamumuhay ng isang tao ang kanyang mapayapang ugnayan sa kanyang sarili, kapwa, kapaligiran at sa Maykapal.

Walang pinipiling panahon ang tema ng pagbabalik-loob na parating kabahagi ng mga turo at gabay ng Simbahang Katoliko-Kristiyano. Napapanahon ito kahit sa yugto ng Adbiyento, Pasko ng Pagsilang, Kuwaresma, Pasko ng Pagkabuhay at maging pangkaraniwang panahon. Ang sakramento ng pagbabalik-loob ay nagbibigay ng pagkakataon sa sinumang mananampalataya na nais magpanibago ng sarili at isaayos ang ugnayan na nanganganib masira ng tao sa kanyang kapwa at Manlilikha, ngunit tila ipinagwawalang-bahala ang pagsasaayos sa tahasang pagkasira ng ugnayan ng tao sa kanyang pisikal na kapaligiran. Isang tawag ng pagbabalik-loob na hindi nabibigyang pansin, bilang isang tungkulin at pananagutan ng tao na may pananampalataya sa kanyang mundong tahanan.

## 2. MGA LAYUNIN

May saysay nga ba na balik-tanawan ang mga pagturing sa kapaligiran ng isang tao na umaangkin na siya ay may pananampalatayang Kristiyano? Ano-ano nga ba ang mga naging tugon ng Simbahang Katoliko-Kristiyano upang himukin, at patnubayan ang kanyang mga mananampalataya na maging mapanagutang mamamayan para sa kapaligiran? Sa pagdaan ng panahon mula noong dekada nobenta, nang hindi pa gaanong sikat ang mga usapin sa problemang pangkalikasan, batid ba ng ating kamalayan na may mga malikhaing pagtatangka na nabuo upang isulong ang pangmatagalan o *sustainable* na mga gawaing pangkalikasan sa sektor ng Simbahang Katoliko-Kristiyano? Sa kasalukuyang panahon, kamusta na ang pagtanggap at pagsasabuhay ng mga mananampalataya, partikular ng ilang mga kabataan sa hamon ng Simbahang Kristiyano na malikhaing pangalagaan ang kapaligiran?

Sadyang hindi na mabilang ang mga pagtatangka mula sa iba't ibang sektor ng lipunan na tumatalakay sa usaping pangkapaligiran, at kung ano-ano ang nararapat na ikilos bilang tugon dito. Ngunit papaano naiiba ang pagtalakay sa papel na ito? Gagamitin bilang salamin sa pagsusuri ang mga sumusunod: ang sangkap na napapaloob sa sakramento ng pagbabalik-loob ng Simbahang Katoliko-Kristiyano; ang pagtatangkang adbokasiyang pangkalikasan ng pangkat ng mananampalatayang-aktibista nina Beroya at de Mesa na Prinsipyong Sapat noong dekada nobenta, taong 1995, at ang naisulat na ensikliko ni Papa Fransisco na Laudato Si, na nailathala dalawampung taon pagkatapos nito noong 2015. Lokal na sulatin ang akda nina Beroya at de Mesa, samantalang banyaga ang ensikliko ni Papa Francisco, at ang gawi ng Pagbabalik-loob, gayundin may pagkakatulad at pagkakaugnay sa kanilang mga aral at hamon. Kinailangang ilatag at suriin ang pagtugon ng ilang kabataan tungkol sa hamon ng pangangalaga ng kalikasan, bilang pagsasabuhay ng pananampalataya. Marahil may ilang payak o simple ngunit malikhaing pagsasabuhay ng mga paninindigang pangkalikasan sa maaaring matutunan sa pagsusuri ng teksto nina Beroya, de Mesa, Papa Francisco, ang aral ng gawi ng Pagbabalik-loob, at ang pagbabahagi ng ilang kabataang nasa Pamantasang Katoliko-Kristiyano.

## 3. PAMAMARAAN

Isang pagsasakultura ang pag-aaral na ito na nagsasaalang-alang ng kahalagaan at paggamit ng kultura upang isabuhay ang pananampalataya. Ito ay pag-aaral na deskriptibo, at kwaliteytib na gumagamit ng *triangulation method*: pagsusuri ng mga literatura at pag-aaral, pagsasarbey at pakikipanayam sa loob ng pangkat na talakayan (*focus group discussion*). Ginamit ang metodo ng pagtatalaban o "*two poles in doing theology*" ni Ka Jose de Mesa upang suriin ang datos na nakalap.

Napapaloob sa unang dulog at paraang kultural ng pagteteolohiyang Pilipino: karanasan, ang pagbabahagi ng mga malikhaing gawain na handang isagawa ng ilang kabataang Pilipino para sa kalikasan, gayundin ang Prinsipyong Sapat ng mga mananampalatayang-aktibista, samantala sa kabilang dulog: pamana ng Tradisyong Katoliko-Kristiyano, ang aral mula sa Simbahang Katoliko-Kristiyano hango sa gawi at rito ng sakramento ng pagbabalik-loob at ilang natatanging aral ng Laudato Si.

Pagtatalabin sa paraang "*doing theology*" ang dalawang dulog na ito hanggang sa makapagpaliwanag at makahango ng isang mungkahing pastoral na pagninilay kaugnay sa gawaing pagtatangka ng pangangalaga sa kapaligiran na kapwa Pilipino at Kristiyano, na handang isagawa ng mga kabataang naging bahagi ng pag-aaral.

## 4. PAGPAPAHAYAG NG ARGUMENTO

Mahahati sa apat na bahagi ang paglalahad na ito: Gawi at Rito ng Pagbabalik-Loob; Malikhaing Pagtatangka sa Pangangalaga sa Kapaligiran, Hamon ng Prinsipyong Sapat at Hamon ng Laudato Si.

### *4.1 Gawi at Rito ng Pagbabalik-Loob*

Ang sakramento ng pagbabalik-loob o pakikipagkasundo ng Simbahang Katoliko-Kristiyano ay kinapapalooban ng ilang gawi ayon sa Katesismo para sa Pilipinong Katoliko, kabilang na ang: pagsisisi, kalungkutan, penitensiya, at pagbibigay ng absolusyon (KPK 1767, CBCP, 2007). Ayon sa teksto ng CBCP (2007), sa pagdaan ng panahon, nagkakaroon ng pagkasira ng pag-unawa at pagsasagawa ng pakikipagkasundong sakramental, na makikita sa mga reklamo ng mga kabataan. Kinikilalang sagot dito ang pangangailangang ilagay ang kumpisal sa "kalalagayan ng sambayanang Kristiyano, at sa loob ng pangkalahatang proseso ng pagbabagong loob" bilang isang paanyaya (p. 530). Ayon sa Katesismo ng Katoliko Kristiyano (CCC) 1422, at KPK 1771, layunin ng sakramentong ito na makalapit ang sinumang nais humingi ng kapatawaran ng Diyos para sa kasalanan laban sa Kanya, kasabay ang pakikipagsundo sa Simbahan na kanilang nasaktan at pagsusumikap para magbagong buhay sa pamamagitan ng kagandahang loob, halimbawa at panalangin.

Ayon rin sa CCC 1441-1442, 1443-1456, 1468, at KPK 1772, ang tatlong salik at dimensiyon sa proseso

ng pagbabalik-loob ay: Una, ang pagbabalik-loob ay grasya ng Diyos, at kaloob ng Espiritu Santo. Siya ang nagkakaloob ng kapatawaran at nakikipagkasundo sa atin sa kanya at sa isa't isa. Samakatuwid, ang pagbabalik-loob ay pagpapahayag ng pananampalataya sa Diyos, ang mapagmahal na Ama na unang umibig sa atin sa kanyang Anak na Diyos-na-naging-tao, na nanahan sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Siya ang tumatawag sa atin upang tayo'y magbalik-loob, ibigin at italaga ang ating sarili nang buong-buo sa Kanya (KPK 1774). Kalakip nito, ang kababaang-loob, ang pagtanggap na tayo ay makasalanan, at nangangailangan ng awa sa kataas-taasang Tagapaglikha ng lahat ng nasa langit at lupa. Pangalawa, ang buong Kristiyanong sambayanan ay sangkot sa pagpapatawad at pakikipagkasundo. Ang Binyag ang pangunahing sakramento ng pagpapatawad, dahil "maliban na ang tao ay ipanganak sa tubig at Espiritu, hindi siya paghaharian ng Diyos"(Jn. 3:5). Tayo ay naging anak ng Diyos, anak ng Simbahan at magkakapatid kay Kristo (KPK 1597). Samakatuwid, bawat tao ay may pantay na dignidad, may responsibilidad na pangalagaan at pagyamanin ang lahat ng bagay upang mabuhay ang bawat isa ng may dangal. Ang pagbabalik-loob, kung gayon, ay a) pagbabalik sa pagkakapatiran ng Kristiyanong sambayanan. b) sa pamamagitan ng panloob na pagsisi at layuning magbago c) sa pagkukumpisal sa kasalanan at pagpapatawad [ng Diyos] sa pamamagitan ng pari (PKP 1795). At pangatlo, ang patuloy na pagbabagong personal at taimtim na pagsisisi para sa kasalanan laban sa Diyos at sa kapwa, na pinatitibay ng kawanggawa, magandang halimbawa at panalangin ng buong sambayanan.

Ang dulo ng bawat ritwal ng pagbabalik-loob ay maihatid ang sarili sa personal na pagbabagong-buhay sa loob ng sambayanan at ng sangnilikha ng Diyos. Ito ay sirkulo ng pagbabagong buhay na nakakahawa, binabago hindi lamang ang kanyang kapwa, pati na ang sangnilikha. Kung gayon, hindi lamang pansarili ang sakramentong ito, sapagkat mahalaga ang dimensiyong pampamayanan ng kasalanan, at ang tunay na pagsisising Kristiyano. Katulad ng binanggit sa panimula, tila hindi itinuturing na kasalanan sa Diyos ang paggawa ng mga bagay laban sa kapaligiran. Ayon kay P. Siew, P. Fong, at P. Louis (2009), kaunti ang kamalayan ng mga tao sa panlipunang kasalanan, kung kaya hindi nila ito ikinukumpisal. Pinangalawahan ito ni P. Staes, na sa kasaysayan ng kanyang pagbibigay ng sakramento ng Pagbabalik-loob o kumpisal, wala pa siyang naalalang nagbanggit ng ganito (2009). Tumutugma ang obserbasyong ito sa pagbabahaginan sa loob ng talakayang pansilid ng dalawang klase sa Pamantasang Katoliko-Kristiyano. Hindi nga itinuturing ng mga kabataan na kamalian laban sa Diyos, sa kapwa o sa sarili ang pagpapabaya sa kapaligiran, kung kaya ni hindi ito nila isinasama kung sila ay nangungumpisal (2017). Sa isang panayam kay Obispo Gianfranco Girotti, na may tungkulin na *Regent of the Penitentiary* sa Vatican, bilang bahagi ng konklusyon sa kurso ng paghubog para sa mga paring nagkukumpisal, sa pahayagan sa Vatican na L'Osservatore Romano noong ikasiyam ng Marso 2008, tinalakay ni Girotti ang mga panlipunang kasalanang nakakaligtaang bigyang pansin sa sakramento ng pakikipagkasundo: ang paglapastangan sa karapatang mabuhay o usaping bio-etikal, pag-abuso sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot, panlipunan at pangkabuhayang hindi pagkakapantay, at panlipunang pang-aabuso na kaugnay sa usaping pangkapaligiran. Para kay Girotti, nangangailangan na bigyang kahulugan ang pagbabalik-loob bilang pagbubukas ng sarili sa kapwa upang maisaayos ang mga usaping nag-uugat sa sarili, at sa kanyang lipunang ginagalawan. Naninindigan siya na ang sakramento ng pagkakasundo ay humaharap sa espesyal na panlipunang aspekto ng tao, kung saan, humihina at mas nagiging kumplikado ang pakikipag-ugnayan sa kapwa bilang epekto ng globalisasyon. Ang ginanap na kumperensiya sa Vaticano para sa paghubog ng mga paring kumpisor ay humihimok sa kaparian na maging gabay sa kanilang parokyano upang maipaunawa sa kanila ang tawag ng pakikipagkasundo, hindi lamang para sa mga maling nagawa at hindi nagawa sa antas personal, kundi maging sa mga kamalian at pagkukulang sa panlipunang antas.

### *4.2 Malikhaing Pagtatangka sa Pangangalaga sa Kapaligiran*

Upang masiyasat kung may katotohanan sa likod ng pahayag ng Vaticano, at ng mga pari ng Simbahang Katoliko-Kristiyano tungkol sa nakaliligtaang kamalayan ng mga mananampalataya sa pakikipagkasundo sa

Diyos sa pamamagitan ng pag-amin sa mga nagawang kamalian at pagkukulang sa kapaligiran, o ang tila pagsasawalang-bahala ng pagsasaayos sa nasirang ugnayan ng tao sa kanyang pisikal na kapaligiran bilang isang pananagutan, isinagawa ang maiksing sarbey at panayam sa 46 na kabataan na nasa unang antas ng mas mataas na paaralan ng isang Pamantasang Katoliko-Kristiyano. Nagkaroon ng pagsusuri ng isipan, o eksaminasyon ng konsensiya, at ipinasulat sa mga mag-aaral ang mga kamalian at kakulangang kanilang nagawa at pinagsisisihan, na marahil handa nilang ikumpisal. Lumabas nga na wala rito ang mga kamalian, pagkukuhang at pagmamalabis laban sa kapaligiran. Gamit ang ganitong natuklasang obserbasyon, muling nagkaroon ng eksaminasyon ng budhi ang mga mag-aaral, ngunit nakatuon na ito sa kanilang pag-amin sa kanilang pagkukulang at mga nagawa laban sa kapaligiran. Maipapangkat sa limang kategorya ang mga inaming pagkukulang sa kapaligiran ng mga kabataan: a) pangunahin ang pag-aaksaya ng likas-yaman, b) pumapangalawa ang pagkakalat, c) pangatlo ay ang hindi paggamit ng bagay na maaari pang magamit muli (pagrerecycle) sa halip paggamit ng mga bagay na hindi na muling maaaring gamitin, d) pang-apat ay ang hindi angkop na paghihiwa-hiwalay ng mga basura, at e) panglima, ang negatibo o di kanais-nais na mga gawi at pagkilos. Makikita sa Talahanayan 1 ang mas detalyadong hanay ng mga inaming pagkukulang sa kapaligiran ng mga kabataan.

Talahanayan 1 - Mga Inaming Pagkukulang sa Kapaligiran ng mga Kabataan sa Pamantasan

| Inaming Pagkukulang | | Bilang ng Sagot | % (Bahagdan) | Antas ayon sa Kategorya |
|---|---|---|---|---|
| *I. Pag-aaksaya ng likas-yaman* | 64 | | | |
| a. Paggamit ng ilaw at kuryente | | 19 | 41.30% | 1 |
| b. Pagkonsumo / Pagtatapon ng Pagkain | | 16 | 34.78% | 2 |
| c. Paggamit ng papel | | 13 | 28.26% | 3.5 |
| d. Paggamit ng tubig | | 13 | 28.26% | 3.5 |
| e. Paggamit ng gas / diesel | | 2 | 4.35% | 5 |
| f. Pagbili ng hindi kailangan | | 1 | 2.17% | 6 |
| *II. Pagkakalat* | 18 | | | |
| a. Hindi wastong pagtatapon ng basura - hindi pagsunod sa "CLAYGO" (clean as you go) | | 16 | 34.78% | 1 |
| b. Hindi paglilinis / pagpapabaya (makalat na kuwarto) | | 2 | 4.35% | 2 |
| *III. Hindi paggamit ng bagay na maaari pang magamit muli (pagrerecycle) sa halip paggamit ng mga bagay na hindi na muling maaaring gamitin* | 16 | | | |
| a. Paggamit ng mga bagay na hindi na muling maaaring gamitin (hal. plastic bottle, straw) | | 13 | 28.26% | 1 |
| b. Hindi paggamit ng bagay na maaari pang magamit muli (pagrerecycle) | | 3 | 6.52% | 2 |
| *IV. Hindi angkop na paghihiwa-hiwalay ng basura* | 9 | | | |
| *Hindi angkop na paghihiwa-hiwalay ng basura* | | 9 | 19.57% | 1 |
| *V. Negatibo o di kanais-nais na mga gawi at pagkilos* | 18 | | | |
| a. Katamaran / Pagpapabukas - pagpapaantala ng mga dapat gawin (procrastination) | | 6 | 13.04% | 1 |
| b. Panghuhusga (Hal. Paghusga sa kapwa, pagturing sa halaman bilang bagay kaya hindi ito inaalagaan). | | 3 | 6.52% | 2.5 |
| c. Kawalan ng pasensya | | 3 | 6.52% | 2.5 |
| d. Hindi pagpapaalala / pagtatama sa mga pagkakamali (Hal. hindi pagpapaalala sa mga nakakabatang kamag-aaral na huwag magkalat, | | 2 | 4.35% | 5 |

| Inaming Pagkukulang | Bilang ng Sagot | % (Bahagdan) | Antas ayon sa Kategorya |
|---|---|---|---|
| hindi paninindigan sa tama) | | | |
| e. Pagrereklamo | 1 | 2.17% | 7.5 |
| f. Paglabag sa panuntunan | 1 | 2.17% | 7.5 |
| g. Pagyayabang | 1 | 2.17% | 7.5 |
| h. Pagtapak at pagpatay sa mga insekto | 1 | 2.17% | 7.5 |

Matapos ang paglalahad ng 46 na kabataan sa kanilang mga tinatanggap na pagkukulang sa kapaligiran, nagkaroon naman ng sarbey ng kanilang mga panata upang isulong ang pagpapanibago ng kapaligiran. Muli, nakabuo ng limang kategorya, nakinapapalooban ng: a) mga gawain upang hindi na mag-aaksaya ng likas-yaman, b) panatilihin ang kalinisan ng paligid, c) pagrerecycle at pag-iwas sa paggamit ng mga bagay na hindi na muling maaaring gamitin, d) angkop na paghihiwa-hiwalay ng mga basura, at e) kanais-nais na mga gawi at pagkilos. Matutunghayan sa Talahanayan 2 ang mas detalyadong hanay ng mga malilikhaing panata ng kabataan para sa kapaligiran.

Talahanayan 2 - Mga Panata ng Pagpapanibago para sa Kapaligiran ng mga Kabataan sa Pamantasan

| Malikhaing Panata ng Pagpapanibago | | Bilang ng Sagot | % (Bahagdan) | Antas ayon sa Kategorya |
|---|---|---|---|---|
| *I. Pagtitipid at paggamit ng wasto, hindi pag-aaksaya ng likas-yaman* | 46 | | | |
| a. Pagtitipid sa gamit ng ilaw at kuryente | | 12 | 26.09% | 2 |
| b. Hindi pagsasayang ng pagkain, pagbili lamang ng kayang ubusin o kaya pagbabahagi ng lumabis | | 9 | 19.57% | 3 |
| c. Paggamit ng papel | | 6 | 13.04% | 4 |
| d. Pagtitipid sa tubig | | 13 | 28.26% | 1 |
| e. Pagtitipid sa gas / diesel/ paglalakad | | 4 | 8.70% | 5 |
| f. Pagbili lamang ng kailangan / paglimita sa binibili at paggamit ng gadgets | | 2 | 4.35% | 6 |
| *II. Pagpapanatili ng kalinisan* | 17 | | | |
| a. Wastong pagtatapon ng basura - "CLAYGO" (clean as you go) | | 16 | 34.78% | 1 |
| b. Pansariling pagdidisiplina (pagbutaw sa sarili ng Php 5 tuwing magkakalat, at ibibigay ang salapi sa grupong nagsusulong ng adbokasiyang pangkalikasan) | | 1 | 2.17% | 2 |
| *III. Pagrerecycle* | 14 | | | |
| a. Paggamit ng eco-bags at re-usable na lalagyan (metal straw, metal bottle, metal na kutsara at tinidor, at lalagyang nahuhugasan) | | 8 | 17.39% | 1 |
| b. Muling paggamit ng mga bagay bago itapon | | 3 | 6.52% | 2.5 |
| c. Hindi paggamit ng plastic straw | | 3 | 6.52% | 2.5 |
| *IV. Paghihiwa-hiwalay ng basura* | 6 | | | |
| a. Angkop na paghihiwa-hiwalay ng basura | | 5 | 10.87% | 1 |
| b. Pagsasaisip ng epekto ng hindi paghihiwa-hiwalay ng basura | | 1 | 2.17% | 2 |
| *V. Pagsisikap isabuhay ang mga kanais-nais na gawi at pagkilos* | 16 | | | |
| a. Pagiging maagap, at masipag (Hal. hindi pagpoprocrastinate, pagpaplano - to do list, pag set ng *goals*) | | 3 | 6.52% | 3 |

| Malikhaing Panata ng Pagpapanibago | Bilang ng Sagot | % (Bahagdan) | Antas ayon sa Kategorya |
|---|---|---|---|
| b. Magkaroon ng pagpipigil sa sarili, at hindi maging mapaghusga / Maging mapagpasensya | 5 | 10.87% | 1.5 |
| c. Pagkakaroon ng angkop at bagong kaisipan (proper mindset) at extra effort na pangalagaan ang kapaligiran, maliit na simula na makapagpapabago sa mundo | 5 | 10.87% | 1.5 |
| d. Pagkukusa (magpulot ng kalat, magtapon ng basuro bago umalis ng bahay) | 2 | 4.35% | 4 |
| e. Pagluluto ng pagkain | 1 | 2.17% | 5 |

Kapansin pansin na tinangkang bigyan ng katumbas na initiyatibo at gawain ng mga kabataan ang kanilang mga tapat na pag-amin sa mga maling gawi nila sa kapaligiran, hindi man ito kapantay sa bilang ng sagot. Isinulat ng bawat kabataan ang kanilang mga malilikhaing panata para sa kalikasan na may kasamang isa pang kamag-aaral. Malaking salik sa pagsasabuhay ng mga kabataan sa mga simulaing pangkalikasan ang matapat na pagsaksi ng mga taong kanilang iginagalang sa tahanan, paaralan at pamayanan. Kadalasan sila ay nahihikayat hindi sa mga sinasabi kundi sa kanilang nakikitang ginagawa, upang patotohanan ang kanilang mga naririnig. Sa talakayan sa klase, kapansin-pansin na may dikotomiya ng kanilang mga alam na dapat gawin sa kanilang determinasyon upang isagawa ito. Batid nila sa kanilang kaisipan ang halaga ng mga gawaing pagpapanibago sa kapaligiran, ngunit hindi pa handa at desidido ang sarili na panindigan ito. Ayon nga sa wika ng isang kalahok, marahil makakatulong ang pagpapaalala ng kanyang kapareha, na magsisilbing "buddy" niya upang higit na maisagawa ang kaniyang naisip na malikhaing panata (2017).

## *4.3 Hamon ng Prinsipyong Sapat*

Taong 1995, nabuo ang panukala hango sa pagninilay ng kilusan ng mga mananampalataya na nakilala bilang pangkat na "Ethos," na nagsusulong ng etika, pag-iingat, at gawaing pangangalaga sa kalikasan sa pakikipagtulungan sa Inter-Franciscan Minister Conference of the Philippines (Beroya, at de Mesa, 1995). Inilahad ng panukala ang panganib na kaakibat ng pag-unlad, na sumisira sa kapaligiran, at iminungkahi ang paraan ng pamumuhay na tinaguriang, "Prinsipyong Sapat." Pangunahing paniniwala upang makapamuhay "nang husto," ang isaalang-alang ng bawat tao ay ang pamumuhay lamang "nang sapat" o tama lamang sa pangangailangan, bilang bahagi ng makatarungang pamumuhay (de Mesa, 2016, p. 17). Ayon kay de Mesa, taliwas ito sa pagiging sakim ng ilang mga bansa, kumpanyang pangkalakalan at indibiduwal na nagkakamkam ng salapi nang walang pakundangan at hindi nagsasaalang-alang sa kapakanan ng nakararami at pananatili ng likas na yaman. Napapaloob sa prinsipyong sapat ang apat na kaisipan: a) sapat na ang pagkasira ng kalikasan, b) sapat lamang ang dapat kunin mula sa kalikasan, c) sapat lamang ang dapat kainin at bilhin, d) sapat dapat, kung kaya mayroon ang bawat isa ng kaniyang mga pangangailangan upang mabuhay ng malusog at may dangal.

Binigyang paliwanag ni Sayago ang apat na prinsipyong ito. (Sayago, 2016, sininalin ni Javier, p.2-6.)

1. Sapat na ang pagkasira ng kalikasan.

   Ang pagsasabuhay ng prinsipiyong ito ay pakikibahagi sa pagsasanggalang at pagpapanariwa ng balanseng ekolohiya sa pamamagitan ng indibiduwal at pangkomunidad na mga gawain katulad ng: a) pagtatanim ng punong namumunga sa bawat tahanan, at pagpapanatili ng maliit na kagubatan sa bawat pamayanan; b) pagbago ng *pattern* ng transportasyon na kumikiling sa pagtangkilik ng pampublikong mga sasakyan, paggamit ng isang sasakyan ng mga magkakaibigan o magkakasama sa isang pamayanan o *carpooling*, at pagsakay sa bisikleta, o kaya ay paglalakad; at c) pakikibahagi sa paggamit muli o pagrecycle ng metal, salamin at papel, gayundin ang pagbabawas ng paggamit ng mga bagay na mapag-aksaya ng likas na yaman.

2. Sapat lamang ang dapat kunin mula sa kalikasan.

   Kailanman ang mundo ay hindi magiging sapat upang tugunan ang kasakiman ng lahat. (Mahatma Gandhi) Ang pagmonopolya at pagmamalabis na pagkuha ng likas yaman ay

nagkakait sa maraming mamamayan ng kanilang mga pangunahing pangangailangan upang mamuhay ng may dangal. Kinapapalooban ito ng: a) pagsisikap tutulan ang pagsasapribado para kumita nang mas malaki, gamit ang yamang tubig, at lupa, katulad ng ilog, look at kabundukan; b) hindi pagtangkilik sa mga produkto na ang paraan ng pagkakalikha, at ang pinagkukunan ay makapagdudulot ng pagkasira ng kagubatan; c) pagbili ng mga produkto na matibay, madaling kumpunihin o ayusin sakaling masira, matipid sa pagkonsumo ng enerhiya, mahusay ang gamit at gawang lokal.

3. Sapat lamang ang dapat kainin at bilhin.

   Hinahamon ng ikatlong prinsipyo na ito upang sa personal na antas, ay magawa ang mga sumusunod: a) pababain ang pangkalahatang antas ng hindi makabuluhang paggamit at pagkonsumo; b) pagbili lamang ng sapat o iilang kasuotan, habang binibigyang tuon ang mas mahusay na kalidad, matibay, hindi naalis sa uso o estilo, upang mas matagal magamit; c) pagbili ng hindi maraming alahas, o anumang uri ng adorno sa katawan, gayundin ng mga produktong pampaganda; d) pagdiriwang ng mga bakasyon sa paraang hindi makonsumo o palabili; e) pagdidisiplina ng sarili at pagbabago ng gawi sa pagkain sa pamamagitan ng hindi pagkain ng mga malabis na prinosesong pagkain, karne, asukal; samantala pagkain at pag-inom ng mga organiko, natural na pagkain at inumin, na mas mainam sa kalusugan, simple at nararapat upang pagkaroon ng pagkakabalanse ng mga nilalang sa mundo. Halimbawa nito ang industriya ng bakahan, at iba pang paghahayupan ay nakapinsala sa mga maulang gubat sa mundo; f) pagiging sensitibo sa mga panlipunan at pangkapaligirang katarungan na katangian ng anumang ating binibili; g) ang kapangyarihan natin sa pagbili, ay ang ating kapangyarihan upang ihalal o tangkilikin ang "para sa" o "taliwas sa" mga produktong nakakasira ng kalikasan.

4. Sapat dapat, mayroon ang bawat isa ng kaniyang mga pangangailangan upang mabuhay ng malusog at may dangal.

   Nangangahulugan ito ng makatarungang pagbabahagi ng produkto at likas yaman, upang paginhawahin ang kalidad ng buhay, na naaayon sa balangkas ng katarungang panlipunan, at balanseng pangkalikasan o pangkolohiya. Binibigyang hamon tayo nito na suriin ang ating pamayanan at bansa alang-alang sa mga kapus-palad upang masiguro na: a) ang pagtamo ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng nutrisyon sa pagkain, ang kakayahang makakuha ng ligtas na inuming tubig, serbisyong pangkalusugan para sa lahat, pagkatuto, at desenteng matitirahan; b) pantay na kakayahan sa pagkikibahagi sa mga pagpapasyang pangpulitika; c) nagtitiwala tayo sa sariling kakayahan na naaayon sa pakikiisa sa kalikasan (*ecological harmony*).

"Prinsipyong Sapat Hamon sa Globalisasyon," *Etika Reader*, Sayago, 2016, ed. Javier, p.2-5

Ayon kay Sayago (2016), binibigyang inspirasyon ng apat na prinsipyong ito ang mga indibiduwal at pamayanan na pagsumikapang isulong ang ekonomiya na may pagpapahalaga sa etika ng pangkalikasang integridad, at katarungang panlipunan at pang-ekonomiko. Ang etika ay umuugat sa malalim na kamalayan sa tungkulin sa lahat ng uri ng buhay, para sa kasalukuyan at susunod na henerasyon (Sayago, 2016).

## *4.4 Hamon ng Laudato Si*

Kaalinsabay ng paanyaya ng pagbabalik-loob sa sakramento ng pakikipagkasundo na isinusulong ng Simbahang Katoliko-Kristiyano, isang makapangyarihan at mapanghamong dokumento ng Simbahan ang naisulat ni Papa Francisco, ang ensikliko na "*Laudato Si: On care for our common home*." Pangunahing kaisipan ang aral na, "lahat ng bagay ay magkakaugnay, at ang tapat na pangangalaga sa ating buhay at sa ating ugnayan sa kalikasan ay hindi mapaghihiwalay sa ating pagkakapatiran, katarungan at katapatan sa bawat isa (Laudato Si 70)." Kinakailangang na ang isang pag-aalala para sa kapaligiran ay idugtong sa isang tunay na pag-ibig sa mga tao at isang walang sawang pakikisangkot sa mga suliranin ng lipunan (LS 91). Katulad nito ang pagtatayo ng malalaking mall na nakalulungkot dahil pinapatay ang mga maliliit na tindahan ng mga mahihirap. Ganoon din ang pagmamani-obra ng mga malalaking industriya upang sa kanila lamang bibili katulad ng mga binhi ng

palay, kagamitan sa pagluluto at iba pa. Ang pinag-uugatan ng ekolohikal na krisis at sobrang karukhaan ay ang modelong walang limitasyong pag-unlad (Boff, 1995). Itinuturing ito ni Boff na "pinaghaharian ng demonyo, at binuo lamang sa pagsasamantala sa mga ordinaryong manggagawa (1995, p. 20)." Nagbubunga ito ng hindi paglago ng mga maliliit na nasyon at ng pananamantala sa kalikasan (Boff, 1995).

Nabuo ang Laudato Si sa balangkas ng ekolohiyang panlahat (integral ecology), o kaisipang may kaugnayan ang tao sa Maykapal, sarili, kapwa at sangnilikha. Ayon kay Papa Francisco, nahango ito sa pakikinig sa bunga ng pinakamaiinam na pananaliksik ng agham sa mga usaping pangkalikasan sa kasalukuyan, habang hinahayaan ang mga ito na tumimo sa ating kalooban, at maghain ng kongretong pundasyon ng mga kilos at gawain (LS, Unang Kabanata). Kumuha rin ang LS ng mga tema halaw sa yaman ng Tradisyong Hudyo-Kristiyano (Ikalawang Kabanata), at sinuri ito ayon sa kasalukuyang sitwasyon, na inuugat ang pinakadahilan ng mga usapin (Ikatlong Kabanata). Nilayon na mailahad ang "*integral ecological profile*" na nagpapaliwanag sa natatanging lugar at gampanin ng tao sa mundo, at ang kanyang ugnayan sa kapaligiran (Ikaapat na Kabanata). Bilang pagtatapos, naghain si Papa Francisco ng mga panuntunan upang mapanibago ang mga lokal at global polisiyang panlipunan, na nagbibigay halaga sa ugnayan ng pulitika, ekonomiya, relihiyon at agham (Ikalimang Kabanata), gayundin ng mga gabay sa paghubog ng katauhan, na naniniwala sa gampanin ng panloob na pagnanais (motibasyon) at edukasyon, halaw sa yaman ng gawi ng espirituwal na Kristiyanong pamumuhay, at pananalanging mapagnilay (Ikaanim na Kabanata).

Ang mga sumusunod ang paksang tinalakay sa Laudato Si na hindi tahasang binibigyang solusyon, bagkus sinisikap palalimin sa pamamagitan ng pagsusuri at pagninilay na pastoral: "ang masusing ugnayan ng mga mahirap at ang karupukan ng mundo; ang paninindigan na lahat sa mundo ay magkakaugnay; ang pagtaliwas sa mga bagong kaisipan at porma ng kapangyarihan na hango sa teknolohiya; ang tawag na maghanap ng iba pang uri ng pag-unawa sa ekonomiya at pag-unlad; ang halaga na nararapat sa bawat nilikha; ang makataong kahulugan ng ekolohiya; ang pangangailangan sa tapat na pakikipagdayalogo o debate; ang seryosong pananagutan ng lokal at internasiyonal na polisiya; ang pagpapanibago ng nakagawiang kultura at mungkahi ng panibagong paraan ng pamumuhay (LS 16)." Hangad na sa kabuuan ng bawat pagninilay ay mailahad ng mga mambabasa ang kanilang personal na paninindigan sa tanong na, "Anong uri ng mundo ang nais nating iwan sa mga susunod sa atin, lalo na sa mga kabataan na kasalukuyan ngayong lumalaki? (LS 160)."

## 5. PAGSUSURI NG NATUKLASAN

### *5.1 Gawi ng Pagbabalik-Loob at ang Pagtatangka sa Pangangalaga sa Kapaligiran ng mga Kabataan*

Pinangalawaan ng mga kabataang kalahok sa sarbey ang malungkot na katotohanang hindi itinuturing na malaking kakulangan at pagkakamaling personal ang hindi pangangalaga ng kapaligiran, gayundin ang pagwawalang bahala sa tungkuling ito. Ngunit ang usaping ito, kapag binigyan ng tuon, ay kayang mapanindigan. Ang sakramento ng pagbabalik-loob ng Simbahang Katoliko-Kristiyano ay isang sakramentong nag-aanyaya, hindi mapanghusga, at nagbibigay ng pag-asa at pagkakataon upang isaayos muli ang nasirang ugnayan. Ganito marahil na pananaw ang isa sa angkop na paghamon sa kabataan upang kanilang isaalang-alang ang adbokasiyang pangkalikasan. Kung iisa-isahin ang tatlong dimensiyon ng proseso ng sakramento ng pagbabalik-loob: Una, ang sinumang nais magbalik-loob sa kalikasan ay nakakatanggap ng paanyaya na biyaya ng Diyos at kaloob ng Espiritu Santo. Siya ay inaanyayahang magbago at binibigyan ng pag-asa na makakaya ito. Ang pagbabalik-loob sa pangangalaga sa ating mundong tahanan ay isang pagtugon ng pananampalataya, at pag-ibig. Ikalawa, sangkot ang buong Kristiyanong sambayanan sa pagpapatawad at pakikipagkasundo. Ang desisyon ng isang kabataan na makipagkasundo sa kanyang nasaktang kalikasan, ay pagbabagong kaisipan at pagsasakatawan nito. Ito ay hindi lamang kanyang personal na inisiyatibo. Kalakip rin nito ang suporta ng

kanyang kapwa, lalo na ang mga nakakatanda sa tahanan, paaralan, Simbahan at lipunang ginagalawan upang makahanap siya ng mabubuting saksi na nagsasabuhay sa kanyang nais simulan na pagbabago. Ikatlo, ang patuloy na pagbabagong personal at taimtim na pagsisisi para sa kasalanan ay pinagtitibay ng kawanggawa, magandang halimbawa at panalangin ng buong sambayanan. Hindi natatapos sa pag-amin sa pagkakamali at pagtanggap sa pagkukulang sa kalikasan ang pagbabalik-loob. Marapat itong pagtibayin sa angkop na pagsasabuhay ng mga malikhang pagtatangka upang ibagon ang kalikasan, at malaking tulong ang dasal at pagninilay upang makahugot ng inspirasyon o motibasyong ipagpatuloy ang mga mabubuting hangarin lalo na sa pagkakataon na mahirap itong gawin dahil tila hindi taliwas sa ginagawa ng nakararami.

## *5.2 Hamon ng Prinsipyong Sapat at Laudato Si*

Dalawampung taon ang pagitan ng pagkakasulat ng Prinsipyong Sapat ng Ethos nina Beroya at de Mesa, at ng bantog na ensikliko na Laudato Si ni Papa Francisco. Ngunit nangingibabaw sa tema ng dalawang dokumentong ito ang apat sumusunod na katotohanan: Una, ang mahalagang kaugnayan ng tao sa lahat ng sangnilikha, at ang pangangalaga rito ay pangangalaga sa ating ugnayan sa sarili, kapwa at Maykapal; Ikalawa, pagpapahayag ng pasasalamat sa biyaya ng kalikasan ang angkop o sapat na paggamit dito. Ikatlo, ang anumang pagmamalabis, o pagkonsumo na walang pakundangan ay hindi lamang makasisira sa kasalukuyang kalagayan ng tao, bagkus makaaapekto sa susunod na henerasyon. Kailangang magmalasakit sa kasalukuyan para sa hinaharap. Ang panghuli at ikaapat, usaping katarungan ang pangangalaga ng kapaligiran na sumasaklaw sa kabuuan ng pagkatao. Anumang gawain ng pangangalaga sa paligid sa maliliit o malalaking paraan ay pagbibigay kung ano ang nararapat para sa sarili, kapwa at sangnilikha, samantala ang kilos na paglapastangan o pagkukulang dito ay pagpapakita ng kawalang pakialam at hindi pagbibigay paggalang sa sarili, kapwa at sangnilikha.

Ang Prinsipyong Sapat na inisiyatibo ng mga mananampalatayang aktibista noong dekada nobenta, ay sumasalamin sa malikhaing pagtugon sa suliraning pangkalikasan bilang pagpapahayag ng kanilang pananampalatayang Katoliko-Kristiyano. Ito ay lokal na adbokasiya at pagninilay na pastoral, at sinikap ipalaganap gamit ang sandata ng edukasyon lalo na sa mga paaralang Franciscano sa Pilipinas. Samantala, ang Laudato Si ay pangkalahatang pastoral na pagninilay ng kasalukuyang panahon ng buong Simbahang Katoliko-Kristiyano sa pangunguna ni Papa Francisco. Dalawang dekada man ang pagitan, magkaibang konteksto man ang pagkakasulat, isang lokal at isang internasyunal, marubdob pa rin ang paninindigan ng dalawang mapanghamong dokumentong ito: ang sagradong pangangalaga sa kapaligiran bilang ating tahanan.

Sa kasalukuyang panahon, may pagtanggap at pagsasabuhay ang mga mananampalataya, partikular ng ilang mga kabataan sa hamon ng Simbahang Kristiyano na tumugon sa paanyaya na magbalik-loob at isakilos ang mga malikhaing pangalagaan ng kapaligiran ngunit hindi pa ito sapat, at hindi pa ito mangmatagalan o *sustainable*. Ang bawat malikhaing pagtatangka ay mapagiging pangmatagalan kung ito ay bibigyan ng angkop na suporta ng lahat ng sektor ng lipunan. Marahil, wala nang hihigit pang pagsuporta kundi ang tapat na pagsaksi sa gawi at kilos.

## *5.3 Tugon at Tinig ng Kabataan*

Tinalakay sa klase ng mismong mga kabataang kalahok ang naging resulta ng maiksing sarbey na ginawa, gayundin ang mga hamon at aral ng Prinsipyong Sapat at Laudato Si. Pinangalawahan ng mga mag-aaral ang kapabayaan, hindi pagsasaalang-alang at pagwawalang bahalga sa tungkuling pangkalikasan, kung kaya nagkaroon ng ilang resolusyon, upang bigyan ito ng tugon. Makikita sa Talahanayan bilang 2 ang ilan sa malilikhaing paraan ng mag-aaral na kalahok sa pag-aaral, upang muling panibaguhin ang kanilang panata ng pangangalaga sa kalikasan. Ang sumusunod ay ilan sa personal na testimoniya ng kabataan matapos ang talakayan. “We talked about the preservation of the environment… I agree that this is an important act that we

need to magnify on. We must take part even in the littlest thing. Climate change is real, ane we need to take it seriously." "I learned that the 4 aspects of Prinsipyong Sapat have different perspectives in terms of social, economical and environmental destructions seen in reality. We can all be *sapat* if we have self-control and ponder more on who would benefit from our actions. A sense of conscience is what we need as of the moment." "We should get only what we need. Selfishness will lead to the destruction of the Earth." "Dapat matuto tayong makuntento at huwag tayo maging sakim." 'It's imperative that we treat care for the environment as a moral obligation." "Today, I realized that everyone and everything is connected with one another. We should always care for the environment as we benefit from it."

## 6. PAGLALATAG NG MUNGKAHI

Bukod pa sa naibigay na malilikhaing panata ng pagpapanibago para sa kapaligiran ng mga kabataan, at sa mga natuklasan at pagsusuri ng mga nakalap na datos, bumuo ng ilang mungkahing rito at gawi ng pagninilay na halaw sa pagtatalaban ng karanasan, at hamon ng tradisyong Hudyo-Kristiyano, partikular sa proseso ng Pagbabalik-loob, at mga hamon ng Prinsipyong Sapat at Laudato Si. Maaari itong gamitin bago magkumpisal o kaya bilang bahagi ng pagtitipon na may adbokasiyang magtalaga ng sarili para sa kalikasan.

### *6.1 Mungkahing Pagninilay sa Rito ng Sakramento ng Pagbabalik-loob na Makakalikasan / (Nagbibigay Halaga sa Pangangalaga sa Kapaligiran)*

Pagsusuri ng Sarili o Eksaminasyon ng Konsensiya

#### 6.1.1 *Unang Bahagi – Ang Pagmamahal ng Maykapal ay Sapat sa Lahat*

Mahal tayo ng Diyos at ipinamalas Niya ang kanyang pagmamahal simula't simula, sa Kanyang paglikha, ibinigay Niya sa atin ang lahat ng ating pangangailangan, ipinamahala Niya ang sanlibutan para sa Kanyang kabutihan at kaligayahan. Patuloy ang pag-iral at paglago ng lahat ng mga ito, ano pa ba ang hahanapin ng tao? Kung kaya't sinabi Niya: "Mahalin ninyo ang Diyos nang buong puso, buong pag-iisip at buong kaluluwa. (Mt. 22:37)"

Sa kasaysayan ng paglikha (Gen. 1-2), nilikha ng Diyos ang kabuuan ng ekosistema upang panatilihin at kandilihin ang buhay ng buhay ng lahat ng uri ng buhay. Ang mga hayop, mga halaman at lahat ng nilalang sa kani-kanilang pamamaraan ay may kaisahan at pagbabalanse sa pagbibigay sa tao ng kanyang pangangailangan upang mabuhay at mabigyan ng kasiyahan sa kagandahan ng kanyang kapaligiran. Nakilala ng tao ang Diyos sa kanyang mga ginawa. Ibinigay Niya ang lahat sa pangangalaga at pagpapayabong ng tao, subalit ang tao sa kanyang kawalang kaalaman kung ano ang <u>sapat</u>, ninais niya pang magkaroon (Gen 3:4) at magkaroon ng walang pag-alala sa buhay ng kanyang kapwa nilalang. Ito ang pinagmulan ng kasalanan. Ang kasalanan ang nagpahiwalay sa atin sa Diyos at sa ating kapwa, at sumisira ng ating kalikasan na ating tahanan.

#### *Ano ng ba ang "SAPAT"?*

Sapat na pera? pagkain? Sapat na gamit o sukat ng bahay? Sapat na bilang ng anak? Sapat na kayamanang tutustos sa kinabukasan hanggang kamatayan? May halagang katumbas ang lahat ng ito, subalit walang katumbas na pera ang tunay at pangwalang hangggan na kalayaang pampinansiyal. Maraming tao ang nakatingin sa pera bilang basehan ng tagumpay. Kapag may pera, may pagkain, magandang bahay, makakapag-aral ang mga anak, at iba pa, subalit, kailan nagiging sapat ang kailanman ay hindi sapat. Marahil, maaaring pagnilayan ang 7 kalalagayan ng tao na kawalang kapayapaan sa pera ayon kay Jeffrey (2010) sa kanyang aklat na *Why enough is never enough?"*:

1. Sobrang pag-alala

   Maraming magulang ang ganoon na lamang ang pagmamahal sa kanilang mga anak na halos ayaw nilang mapagod ang mga ito sapagkat sila ay nag-aaral sa pag-asang kapag nakatapos ay sila naman ang gagawa. Sa kabilang banda, kulang na lamang iraro ang katawan, maibigay lamang lahat

ng pangangailangan at maging ang mga kapritsuhan o layaw sa kanilang anak. Nagtitiwala ka ba sa Diyos na nagbibigay ng lahat?

2. Paghahambing ng kinikita sa iba

   Ang kultura ng pagkainggit na mas matinding sumisipsip sa kaligayahang mayroon ang tao higit pa sa pagsipsip ng kawalan o kahirapan. Saan nga ba nakatuon ang ating pagtingin? Kung sino ang iyong tinitignan at tinititigan, siya ang iyong nakakamukha. Sino ang ninanais mong maging kawangis at kalarawan?

3. Hindi pagtanggap na siya ay mapalad o mayaman

   Sa bawat pagkakaila ay may nakatagong dahilan, maaaring gustong magbigay, subalit ayaw dagdagan ang bigay. Ang hindi marunong magpasalamat ay makasarili, kuripot, at nakasentro sa sarili. Aanhin mo ang sobra kapag mamamatay ka din. Ang lahat ng bagay ay nagmumula sa Maykapal, ang mga biyaya ay ibinibigay sa kanyang inaakalang marunong magbigay. Paano ba ako nagbibigay sa Diyos at sa aking kapwa? Nagsisimba ba ako upang magpasalamat sa Diyos sa kanyang mga biyaya?

4. Nagpapamalas ng katakawan

   Ang katakawan ay disposisyon ng kaluluwa. Ito ay walang koneksyon sa kayamanan. Hindi lamang ito patungkol sa mga mayayaman. Kahit ang katamaran ng mahihirap o mayayaman ay nagpapamalas ng kawalang pagbibigay at pagmamahal, karamutan sa pagbabahagi ng oras at lakas. Kung hanggang saan ang kaya mong ibigay, gayon din ang sukat ng iyong pagmamahal. Nagsisikap ba akong kilalanin ang Diyos? Dumadalo ba ako sa mga pagpapalalim ng kaalaman tungkol sa Kanya? Handa ba akong magbigay?

5. Pera lang ang dahilan ng kanyang paggawa

   Ang pera na ang nagpapatakbo sa tao, sa halip na tao ang nagpapatakbo sa pera. Nagbibigay ba ako ng panahon sa Diyos, lalo na sa mga araw ng Linggo at mahalagang pagdiriwang ng Simbahan? Iginagalang ko ba ang pangalan ng Diyos sa lahat ng aking paggawa? Gumagawa ba ako ng hindi naghihintay ng kapalit na materyal o kaya mga salita ng papuri o pagkilala?

6. Kahit hindi gusto, gagawin, magkapera lamang

   Paano ko tinitignan ang kaugnayan ko sa tao at sa kalikasan? Paano ko ginagamit ang tubig, ilaw, kuryente at lahat ng bagay? Hinahanap ko ba ang kahulugan ng lahat ng aking ginagawa at inaalam ko ba ang silbi nito sa iba? Ako ba ay maaksaya sa paggamit ng kahit anong mayroon ako? Pinaninindigan ko ba ang tama?

7. Naaalibadbaran o nabubuwisit kapag may namamalimos.

   Ganito ang drama ng maraming tao: "Nagtatatrabaho ako ng husto para makaiwas na manghingi at inaasahan kong ganito din ang gawin ng iba." Ang iba naman, itinuturo ang iba at nagpapahayag ng kanyang kawalan at higit na pangangailangan. Naniniwala ba ako na ang buhay ay swerte-swertehan lamang o hindi? Higit ko bang binibigyan ng pansin ang mga bagay-bagay kaysa pagtitiwala sa Diyos? Kaya ko bang humindi na hindi niyuyurakan ang dignidad ng aking kapwa?

Ang sabi ni Papa Francisco, "hindi magkakaroon ng isang bagong pakikitungo sa kalikasan kung walang isang bagong pagkatao (LS118) at pakikipagkapwa. Katulad sa mga magsasaka, walang kasiguraduhan ang pera, maaaring may masamang panahon, insekto o anumang sakit na pwedeng dumapo. Kailangan din nilang makiayon sa tamang panahon, makipag-ugnayan sa kalikasan ng tubig, hangin, init upang maganap ang kagila-gilalas na pagtubo at pagkakaroon ng bigas na kakainin ng tao. Para sa kanila kailangan may maihain sa lamesa. May kasiyahan at kaluguran sa paggawa na higit pa kaysa kumita ng pera.

### *6.1.2 Ikalawang Bahagi – Pagsusuri ng loob at Pagtugon sa Paanyayang Magmahal nang Sapat*

Sinabi pa ng Panginoon, "Mahalin ninyo ang inyong kapwa tulad ng sa inyong sarili. (Lk 10:27)" Gayon na lamang ang pagmamahal ng Diyos na lagi niyang nanaisin makasama ang tao na kanyang nilalang ngunit humiwalay sa Kanya dulot ng kasalanan. Kaya naman ipinadala Niya ang kanyang bugtong na Anak, si Hesukristo upang makasama, patawarin at palayain tayo sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang pag-aalay ng kanyang buhay, namatay sa Krus at nabuhay-muli. Una natin naranasan ang kapatawaran noong tayo ay bininyagan. Niyakap at itinuring niya tayong kanyang mga anak. Tayo ay magkakapatid. Ang kapatiran natin ay nagmumula sa kaisahan ng ating mga karanasan, sinusundan at layunin sa buhay. Tayong lahat ay

nakaranas magkasala, nagsusumikap sundin si Hesus-na-muling-nabuhay at mabuhay kaisa ng Diyos sa kalangitan, sa buhay na walang hanggan.

### *Bakit Nga Ba Hindi Sapat?*

Kung saan may kapangyarihan, papailanglang lagi ang laban sa kapangyarihan, may intriga, may ambisyon at pagpapakasakit para sa higit pang kapangyarihan. Ang katakawan, kasibaan, kayamuan o *greediness* (kasakiman) sa kayamanan at kapangyarihan ang bumubulag sa mga mata upang ituring ang kapwa na may pantay na dignidad, karapatang mabuhay ng marangal. Ang kaugaliang ito ay unti-unting naisasakatawan ng tao, mulat at hindi mulat, sa pagdaan ng panahon mula sa impluwensiya ng sistema ng lipunang ginagalawan na umaabot sa sukdulan. Kaya naman, nasabi ni O'Murchu ang ganito, "We humans have become a cosmic anomaly. We rape and pollute the very womb that nurtures and sustains us. We have become a dysfunctional family, blind to our addictions, heading headlong for self-destruction." (1997, p.105.)

1. Ano nga ba ang laman ng aking puso, ako ba ay may galit o inggit sa iba: sa tatay at nanay, kapatid, kaibigan, kapitbahay, lupa, aso, pusa, o sa kalikasan (at iba pa)?
2. Ilang bagay ang mayroon ako na hindi nagagamit sa araw-araw, bawat buwan o taon? Nagbabahagi ba ako sa ibang nangangailangan?
3. Nagagawa ko bang magbigay na may pagsasakripisyo para sa mga mahihirap na tao? Sinisikap ko bang tumulong para sa kalinisan at kaayusan ng kapaligiran?
4. Nag-aaral ba ako ng mabuti at nagbabahagi ng aking kaalaman o tinatamad ba ako sa aking mga gawain?
5. Binabalewala ko ba ang mga utos ng aking magulang, guro at ng lipunan? Tapat ba ako sa mga ito?

### *6.1.3 Ikatlong Bahagi – Pagsasabuhay ng Prinsipyong Sapat*

"Maging banal kayo katulad ng inyong Amang nasa langit. (Mt. 5:48)" Kay Sta. Teresa, "Ang Diyos ay sapat na!" Kung ganoon, inaanyayahan ang lahat na mamuhay katulad ng sa Diyos. Siya ay pagmamahal, at nagtutulak na mahalin ang lahat. Ituring ang lahat na "MAHAL," may halaga. Maaaring magbigay ng walang pagmamahal, subalit hindi pwedeng magmahal na hindi nagbibigay. Magmahalan tayo, samakatuwid, magbigayan tayo.

### *Paano ba Magbigay upang maging SAPAT ang Lahat?*

May mga katangian na hinahangaan ng kahit anong kultura, relihiyon sa anumang pagkakataon ayon kay C.S. Lewis sa *Mere Christianity* sa kanyang paglalarawan ng *Natural Law*. Ito ay ang katapangan (*courage*), pagiging mapagbigay (*generosity*) at pagsasakripisyo alang-alang sa pagmamahal (*self-sacrificial* love). Halimbawa nito ang mga sumusunod:

1. Ang pagbibigay ay hindi umaasa ng kapalit o ganti sa kanyang binibigyan. Ninanais ko bang makasama ang Diyos sa langit at sa buhay na walang hanggan? Ginagamit ko ba ang mga kakayahang bigay ng Diyos para sa sa ikabubuti ng lahat: sarili, kapwa, kapaligiran at ng buong sangnilikha? Nagtitiwala ba ako sa probidensiya ng Panginoon na nagpapalaya sa anumang alalahanin sa pangangailangan?
2. Ang pagbibigay na hindi napipilitan lamang ay nanggagaling sa bugso ng kaloobang makapaglingkod sa kapwa. Ito ay malayang pagsasagawa. Pinangangalagaan ko ba ang aking sarili? Malaya ba akong gumagawa at hindi nagpapakamatay sa sobrang gawain? Pinupuno ko ba ng malilinis at masayang ala-ala ang aking isip, o ng maruruming pag-iisip? Tapat nga ba ako sa pag-alala ng pangangailangan ng iba?
3. Ang pagbibigay na hindi nagsisimula o nagwawakas sa sariling paghusga kung saan at paano gagamitin ang ibibigay. Ang regalong ibinigay sa kapwa na may ganitong pag-uugali ay nag-iiwan lamang ng kaunting lugar para sa Diyos sa ating pagsasagawa. Ako ba ay mapagpakumbaba? Hindi nag-iisip na higit na magaling kaysa sa iba? Masaya ba akong nagbibigay sa aking kapwa at nangangalaga ng kalikasan?

## 7. KONKLUSYON

Nananatiling hamon na kinakailangan ng masusing pagninilay at pagtugon ang tawag na pangalagaan ang kapaligiran. Isang paninindigan ito na nangangailangan ng tapat na pagbabalik ng kalooban sa sangnilikha, at pagmamalasakit na hindi naghihintay ng anumang ganti bunsod ng pagsasabuhay ng pananampalataya. Maraming aral ang maihahatid ng pagsisikap na hindi maging ganid, at gumamit lamang ng sapat, at palitan ang anumang kinuha para may matira sa mga susunod na henerasyon. Mahalagang pangalagaan ang mundo kaisa ng lahat ng sangnilikha na ating tahanan, dahil ang tao ay kaugnay sa lahat ng uri ng buhay. Maraming maliliit at malalaking gawain na kapag pinanindigang isabuhay ay makapagdudulot ng mabuting pagpapanibago upang tugunan ang suliraning pangkalikasan. Ang pagsisikap maisagawa ang mga *sustainable* o pangmatagalang solusyon para sa ating mundong tahanan ay isang simulaing pangkaluluwa bukod pa sa personal at panglipunang adbokasiya.

## 8. SANGGUNIAN

Beroya, M. A., & de Mesa, M. (1995*). SAPAT: An environmental ethics for personal and social transformation*. Quezon City: ETHOS.

Boff, L. (1995). *Ecology and Liberation.* Maryknoll, NY: Orbis Books.

Catholic Bishops' Conference of the Philippines. (2007). *Katesismo para sa Pilipinong Katoliko.* Maynila: Catholic Bishops' Conference of the Philippines, Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education, Claretian Publications at Pastoral Bible Foundation.

Papa Juan Pablo II (1993). *Catechism of the Catholic Church.* Libreria Editrice Vaticana. Mula sa: http://www.vatican.va/archive/ENG0015/_INDEX.HTM

de Mesa, J. M. (2016). "Ang hiwaga ng hirap at ginhawa," aktikulo sa *Aklat sa etika: Etika reader –unang draft*, ed. Dorothy Javier. Maynila: Komisyon sa Lalong Mas Mataas na Edukasyon (CHED), at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Nasa proseso ng paglalathala.

de Mesa, J. M. (2014). *Mabathalang pag-aaral, ang pagteteolohiya ng Pilipino* (2014). Maynila: Vee Press division of Vibal Foundation, at De La Salle University.

Gori, N. (9 Marso 2008). *The new forms of social sin: A meeting with the Regent of the Penitentiary, Bishop Gianfranco Girotti at the conclusion of the course for confessors.* Pagsasalin sa Ingles ng Panayam na inilathala sa L'Osservatore Romano, http://blog.acton.org/uploads/penitentiary_interview.pdf

Jeffrey, G. (2010). *Why enough is never enough?* USA: Our Sunday Visitor, Inc.

Lewis, C.S. (1960). *Mere Christianity*. MacMillan Publishing Company.

Mag-aaral sa Unang Antas, DLSU (2017). Talakayang pansilid – "Pagbabalik-loob, pagkukulang sa kapaligiran, at mga panata ng pagpapanibago." Maynila. (D.P.Javier-Martinez, Tagapanguna sa talakayan)

O' Murchu, D. (1997) *Quantum theology.* New York: Crossroad.

Papa Francisco. (2015). Pagsasalin sa Filipino ni Ocampo, L. *Liham Ensiklikal, Laudato Si ng Banal na Papa Francisco ukol sa pangangalaga sa tahanan nating lahat.* Quezon City: Claretian Communications, Inc.

Papa Francisco. (2015). *Laudato Si: On care for our common home.* Mula sa http://w2.vatican.va/content /francesco/ en/encyclicals/documents/papafrancesco_20150524_enciclica-laudato-si.html

Sayago, C. (2016). "Prinsipyong sapat: Hamon sa globalisasyon" aktikulo sa *Aklat sa etika: Etika reader –unang draft*, ed. Dorothy Javier. Maynila: Komisyon sa Lalong Mas Mataas na Edukasyon (CHED), at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Nasa proseso ng paglalathala.

Tay, D. (2009, Abril 26). "Modern sins: Are Singapore Catholics aware of them? (Panayam kina padre Henry Siew, Paul Staes, Luke Fong at Gerard Louis)" *The Catholic News,* Vo. 59, No. 9. Mula sa http://catholicnews.sg/index.php?option=com_content&view=article&id=2625:modern-sins-are-singapore-catholics-aware-of-them&catid=166:april-26-2009-vol-59-no-9&Itemid=78&lang=en